Kapag naputol ang pamigkis ng sandalyas ng isa sa inyo, huwag siyang maglakad suot ang kabila hanggang sa naayos niya ito.

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya, na nagsabi: Narinig ko ang Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na nagsasabi: "Kapag naputol ang pamigkis ng sandalyas ng isa sa inyo, huwag siyang maglakad suot ang kabila hanggang sa naayos niya ito."

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Pinagbawalan ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ang Muslim, kapag nalagot ang tali ng sandalyas niya at hindi maaari sa kanya ang maglakad suot ito, ay hindi maglalakad na nakasuot ng kabilang sandalyas, bagkus tungkulin niyang ayusin ang nasira o hubarin ang kabila at maglakad nang nakayapak.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8907